
1

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 15 Pagsunod-sunod ng mga Pangyayari sa Kuwento sa Tulong ng mga Larawan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q2_Filipino 1_Modyul 15

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 15: Pagsunod-sunod ng mga Pangyayari sa Kuwento sa Tulong ng mga Larawan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Daisy M. Doral
**Editor:** Fe G. Buccahan, Felimendo M. Felipe
**Tagasuri:** Ronald T. Bergado, Elvira O. Marquez
**Tagaguhit:** Domingo G. Radam, Jayson Casareno
**Tagalapat:** Rozen D. Bernales, Oswaldo A. Valiente

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas, Jessie L. Amin, Octavio V. Cabasag, Rizalino G. Caronan, Romel B. Costales, Jorge G. Saddul, Sr., Felimendo M. Felipe, Fe G. Buccahan

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ___________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 15: Pagsunod-sunod ng mga Pangyayari sa Kuwento sa Tulong ng mga Larawan

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mgakasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumanggagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani- kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulongmula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag- unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mona nasa unang baitang upang maisagawa ang pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng mga larawan.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa napakinggang kuwento sa tulong ng mga larawan.

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito, ikaw ayinaasahang:

- napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa napakinggang kuwento sa tulong ng mga larawannang may kagalakan.

## Subukin

**Gawain ng Magulang/Guro**


- Bigyan ng paunang pagsubok ang bata tungkol sakung ano ang *una*, *sunod* at *huling* pangyayari.
- Basahin sa bata ang bawat aytem.
- Sabihin:
  *-Babasahin ko ang bawat aytem.*
  *-Ayusin ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa pamamagitan ng pagsulat ng 1-unang pangyayari,2-para sa sumunod na pangyayari at 3- para sa huling pangyayari.*
  *-Isulat ang bilang sa ibaba ng tamang larawan.*

1.


| Binalatan ko ang itlog.<br>Nilagyan ko ito ng asin.At ito<br>ay aking kinain. |
|---|



________



________



________

2. Kumain ako ng maraming kendi.Sumakit ang ngipin ko.

Pumunta kami ng dentist.








________ ________ ________

3. Nagtanim ako ng kamatis.

Namunga ang kamatis.

Kinain ko ang kamatis.





________



## *Balikan*

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Maghanda ng ginupit na larawan ng batang sanggol, batang nasa 2 taong gulang at batangmay edad 6 na taong gulang.
- Ipakita ito sa mag-aaral.
- Sabihin:
  *-Ngayon balikan natin ang mga pangyayari sabuhay mo.*
  *-Narito ang mga larawang nagpapakita kung alinang unang nangyari, sumunod at maaaring huli.*
  *-Idikit sa papel ang larawan ayon sa tamang pagkakasunod-sunod nito.*
  *- Sabihin ang pangyayari sa bawat larawan.*

**Gawain ng Mag-aaral**

- Pag-aralan ang ginupit na larawan.
- Ayusin at idikit sa papel ayon sa tamang pagkasunod-sunod ng pangyayari.
- Magkuwento sa bawat maaaring pangyayari sabawat larawan.

Idikit sa loob ng kahon ang tamang larawan.

**1** **2** **3**

***Mga Tala para sa Guro***

Ang modyul na ito ay tumutugon sa aralin tungkol sa pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng mga larawan.Ang mga gawain na naiatang para sa bata ay maaaring maging gabay ng guro sa pagbibigay ng mga karagdagang gawain upang mahubog ang bata sa pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng mga larawan.

## *Tuklasin*

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Basahin nang malakas sa bata ang kuwento.
- Maaaring magtanong sa gitna ng pagkukuwentopara masiguradong naiintindihan ng bata ang teksto.

Pakinggan mong mabuti ang kuwento upang mapagsunod-sunod mo nang wasto ang mga pangyayari.

### Sina Betsie at Botsie

Ni Daisy M. Doral Guhit ni Jayson Casareno

Isang maulang umaga nang dumungaw sa bintana si Botsie.

" Maghanda na kayo, isuot na ninyo ang inyong mga kapote at bota," wika ni Nanay Bing. Agad na sumunod si Betsie at isinuot niya ang kaniyang lilang botaat kapote.

" Oops, Oops, Oops! Lampas tuhod na ang tubig- baha! Basang-basa na ang medyas at sapatos ko," sambit ni Botsie. "Hindi ka kasi nag-iingat sa paglakad,"wika ni Betsie. Ipinagpatuloy nila ang kanilang


paglalakad patungo sa kalapit na barangay, sa bahay niTita Betty.

Narating nila ang bahay ni Tita Betty. Nang hindi kalaunan sumakit ang kaniyang tiyan at nakaramdam ng pagsusuka. Isinugod siya ng kaniyang Tita Betty sa kalapitna Rural Health Unit.

Pagkalipas ng dalawang araw, maayos na ang kalagayan ni Botsie. Masaya na siyang muli. Naglalaro silang kaniyang kakambal na si Betsie nang marinig nila ang kanilang Nanay Bing. "Pumasok na kayo at matindi na ang sikat ng araw, hindi mabuti ang naidudulot ng matinding sikat ng araw."

Agad na sumunod sa utos ng nanay ang magkapatid at masayang pinagsaluhan ang inihandangkakanin at mga prutas ng kanilang Nanay Bing.


Tingnan ang mga larawan. Buuin mo ang kuwentosa tulong ng mga larawan. Isalaysay mo muli ito.





Sina Betsie at Botsie





## Suriin

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Basahin nang malakas ang kuwento sa bata athayaang sagutin niya ang susunod na gawain.

Pagsunod-sunurin ang mga larawan batay sa napakinggang kuwento. Isulat ang bilang 1-3.

### Si Rambo

Kuwento ni Daisy M. Doral Guhit ni
Domingo G. Radam

Masayang naglalaro sina Faye at Erick sa likuran ng kanilang silid-aralan. Hindi nila napansin si Rambo, ang aso ni Gng. Malou Valdez, na mahimbing na natutulog sailalim ng puno ng mangga.

“Naku! Tinamaan natin ng bola si Rambo,” gulat nasabi ni Erick. Nilapitan niya ang aso upang kunin ang bolana tumama sa aso. Nang biglang kinagat ang kaniyang binti.” Aray!” biglang napatakbo papalayo sa aso si Erick.Nabigla din si Faye.

Humingi sila ng tulong kay Binibining Ana. Agad na dinala ni Bb. Ana si Erick sa gripo, binuksan ang gripo atitinapat ang bahaging nakagat na binti. Sumunod nahinugasan ng sabon sa loob ng limang minuto. Pagkatapos ay dinala sa **Animal Bite Center** upangmabigyan ng **anti rabies vaccine**.

Mula noon hindi na sila naglalaro o lumalapit sa hindinila alagang aso o kay Rambo.

Pagsunod-sunurin ang mga larawan batay sa napakinggang kuwento. Isulat ang bilang 1-3 sa loob ngbilog.







# *Pagyamanin*

**Gawain ng Magulang/Guro**

- Gumawa ng **peanut butter sandwich** kasama angbata.
- Ipaliwanag sa kaniya ang bawat hakbang:
  *-Kumuha ng dalawang pirasong cream bread.*
  *-Pahiran ito ng peanut butter.*
  *-Pagsamahin ang dalawang pirasong cream bread.*
  *-Pwede mo na itong kainin.*

**Gawain ng Mag-aaral**

- Sagutin ang susunod na gawain sa papel.

Iguhit sa kahon ang bawat hakbang sa paggawa ngpeanut butter sandwich at ang huling ginawa mo sa tinapay.

## Isaisip

Sa pagsasalaysay ng pinakinggang kuwento, dapat mong tandaan na banggitin ang pamagat nito, sino angmay akda at sino ang gumuhit nito.

Sabihin din ang mga tauhan nito at ilarawan angbawat isa. Banggitin kung saan naganap ang kuwento.

Sabihin ang suliranin o problema sa kuwento. Tukuyinang mga pangyayari sa wastong pagkasunod-sunod nito.

Huwag kalimutan ang wakas ng kuwento. Dito makikita kung ano ang naging solusyon sa problemangbinanggit sa unang bahagi ng kuwento.

## Isagawa

**Gawain ng Magulang**

- Itanong sa bata kung ano ang pinakapaboritoniyang gamit.
- Sabihin:
  *-Dahil paborito mo ang gamit na iyan, magbigay kang tatlong bagay na maaari mong gawin upang hindi mawala o masira ang iyong gamit.*
  *-Kailangan nakaayos ang mula sa una, ikalawa,ikatlo at huli ang mga gawaing ito.*
  *-Maaari mo itong iguhit o sabihin sa akin.*

**Gawain ng Mag-aaral**

- Iguhit ang paboritong gamit.
- Iguhit o sabihin ang mga paraan upang hindi masirao mawala ang paboritong gamit.

Paborito kong Gamit

Mga gagawin ko para hindi masira o mawala angpaborito kong gamit.

## Tayahin

**Gawain ng Magulang**

- Basahin nang malakas ang kuwento at ipasagot anggawain.

Narito ang isang kuwento. Pakinggan mo ito nang mabuti.

**Sa Paaralan** Kuwento ni:
Daisy M. Doral Guhit ni Domingo G. Radam

Unang araw ng mga bata sa kanilang paaralan.
Ang lahat ay masaya at nagagalak sa kanilang unangaraw.


"Magandang umaga Binibining Bar! Magandang Umaga Dorina. Magandang umaga kapuwa ko mag- aaral.", masayang bati ni Riz pagbungad sa kanilang silid-aralan.

Inilibot sila ng kanilang guro sa kanilang paaralan.
Una silang dinala ni Bb. Bar sa silid-aklatan na nasa bahaging hilaga mula sa bukana ng kanilang paaralan.

Sumunod nilang pinuntahan ang palikuran na maypambabae at panlalaki sa bahaging kanluran. Patuloysilang naglibot hanggang marating nila ang **Computer Lab** na nasa tabi ng bulwagan sa bahaging timog.
Hanggang narating nila ang silid ng punongguro na nasaSilangan.
"Magandang umaga Gng. Guzman," sabay- sabay na bati ng mga bata sa punongguro.

“Magandang umaga mga bata”, sagot ni Gng. Guzman.Bumalik na ang mga bata na may mga ngiti sa labi.

Tingnan ang mapa. Pagsunod-sunurin ang mgapangyayari ayon sa napakinggang kuwento .




Lagyan ng tsek ang kahon na nagpapakita ng iyongmarka.

| **Gawain** | **puntos** |
|---|---|
| Naisalaysay lahat ang kuwento sa tulong ng mga larawan(5) | |
| Naisalaysay ang kuwento sa tulong ng mga larawan na may isang kulang(4) | |
| Naisalaysay ang kuwento sa tulong ng mga larawan na may 2 kulang (3) | |
| Naisalaysay lahat ang kuwento sa tulong ng mga larawan na my 3 kulang (2) | |
| Hindi naisalaysay lahat ang kuwento sa tulong ng mga larawan(1) | |

## *Karagdagang Gawain*

Gumuhit ng tatlong pangyayari sa kuwentong napakinggan ayon sa tamang pagkakasunod- sunod.

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. 1-3-2
2. 2-3-1
3. 1-2-3

**Balikan**

**Larawan ng:**

1. Sanggol
2. Batang edad 2 taong gulang
3. Batang edad 6 na taong gulang

**Tuklasin**

1-2-3-4

**Suriin**

1-3-2

**Pagyamanin**

1. Kumuha ng 2 tinapay
2. Pahiran ng peanut butter
3. Pagsamahin ang tinapay
4. Kainin ang sandwich

## *Sanggunian*

Department of Education, Most Essential Learning Competencies (MELC) in Filipino 1, p. 145

Sancho C. Calatrava (2017), Bumasa at Sumulat 1, Koreang Prinpia Co., Ltd.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph